



**SpacesEDU**  
by myBlueprint

# Privacy Kit ng Pamilya

## Maligayang Pagdating sa SpacesEDU!

Ang SpacesEDU ay isang web at mobile application na ginagawang mas madali para sa mga guro at estyudante na kunan, maihatid, at mapagnilayan ang pag-aaral na nagaganap sa kanilang silid-aralan.

Bilang isang miyembro ng pamilya, magkakaroon kayo ng oportunidad na makakuha ng pagtanaw na tila “nasa mesa” ng silid-aralan kung saan ay makikita niyo ang ginagawa ng estyudante, komento sa progreso, at magagawang makipag-usap sa mga guro. Mabilis at madali kayong makakapag-log in sa inyong smartphone, tablet, o personal na kompyuter at makita kung ano ang pinagkakaabalahan ng inyong estyudante sa paaralan.

Inaasahan namin ang pagsuporta sa edukasyon ng inyong anak at gusto naming maging tapat tungkol sa aming pagtuon sa kaligtasan at seguridad ng inyong pamilya kapag ginagamit ang aming platform.

---

Mangyaring huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa aming Privacy Office.

### Correo electrónico

privacy@spacesedu.com

### Por correo

SpacesEDU  
168 Bedford Rd  
Toronto, Ontario  
M5R 2K9

[spacesedu.com](https://spacesedu.com)

# Ang Aming Pangako ng Privacy

Gagamit ng SpacesEDU sa inyong klase? Narito ang ilang mga tip para sa pagsusulong ng ligtas na pag-uugali sa inyong klase.

## **Kayo at ang inyong anak ay hindi maisisiwalat**

Hindi namin ginagamit ang personal na impormasyon ng mga miyembro ng pamilya ng mga estyudante sa K-12 para sa anumang marketing o naka-target na advertising.

## **Ang inyong anak ay siyang palaging magmamay-ari ng kanyang trabaho**

Hindi namin aariin ang personal na impormasyon niyo o ng inyong anak, inyong mga inupload na file, inyong mga pagninilay, o inyong mga mensahe.

## **Kayo at ang inyong anak ay may karapatan na limutin**

Kapag tinanggal niyo ang inyong account, tatanggalin namin ang data at mga file na nauugnay sa inyong account. Tinatanggal namin ang mga account ng estyudante na hindi aktibo pagkatapos ng 18 buwan.

## **Hindi kailanman ibebenta ang data niyo at ng inyong anak**

Hindi kami nagbabahagi o nagbebenta ng personal na impormasyon sa sinuman para sa anumang dahilan. Tapos.

## **Ang silid-aralan ng inyong anak ay pribado sa simula't simula**

Ang bawat bagong silid-aralan ng SpacesEDU ay nagsisimula sa pribadong mga espasyo na gagalawan ng estyudante. Base sa kung paano gagamitin ang SpacesEDU sa inyong silid-aralan, maaaring piliin ng mga guro na ipaalam sa mga miyembro ng pamilya at iba pang mag-aaral ang ginagawa ng estyudante para sa mga talakayan sa klase.

## **Ligtas ang data ng inyong anak**

Itinatabi namin ang data sa isang labis na ligtas na Microsoft Azure datacenter.

Nagkakaloob ang Microsoft Azure ng nangunguna sa industriya na mga sertipikasyon sa pagsunod at privacy upang mapanatiling ligtas sa SpacesEDU ang data ng estyudante.

# Mga Madalas na Katanungan

## **Kamusta ang anak ko sa paggamit ng SpacesEDU?**

Magagawang idokumento ng mga estyudante ang kanilang pag-aaral sa pamamagitan ng pag-upload ng multimedia (mga larawan, audio, video, at text) sa isang class workspace na ibinahagi ng kanilang mga guro. Maaari rin silang payagan ng kanilang guro na ibahagi sa kanilang mga kklase ang kanilang ginagawa.

## **Saan ko makikita ang inyong polisiya sa privacy at mga tuntunin ng serbisyo?**

Maaari niyong i-review anumang oras ang aming Polisiya sa Privacy at Mga Tuntunin ng Serbisyo sa footer ng aming website at sa [spacesedu.com](https://spacesedu.com).

## **Sino ang makakakita ng portfolio ng estyudante?**

Ang kakayahang makita ang klase (class visibility) ay pinasadya sa bawat klase. Sa default, ang estyudante lamang at kanilang guro ang makakakita ng ginagawa ng estyudante. Depende sa kung paano nilalayan ng mga guro na gamitin ang SpacesEDU sa silid-aralan, maaari nilang imbitahin ang mga miyembro ng pamilya para tanawin ang ginagawa ng estyudante o maaari nilang imbitahin ang iba pang mga estyudante at tagapagturo para tanawin ang gawain ng isang estyudante.

## **Saan itinatabi ang data ng estyudante?**

Itinatabi ng SpacesEDU ang data ng estyudante sa labis na ligtas na data center at server na hinohost sa pamamagitan ng Microsoft Azure. Nagkakaloob ang Microsoft Azure ng nangunguna sa industriya na mga sertipikasyon sa pagsunod at privacy upang mapanatiling ligtas sa SpacesEDU ang data ng estyudante. Nag-aalok rin ang Azure ng pandaigdigang mga datacenter para tumulong tiyakin na nagagawa naming tugunan ang mga pangangailangan sa local data residency.

## **Gaano katagal itinatabi ang data ng estyudante?**

Ang data ng estyudante ay itinatabi hanggang aktibong ginagamit ng isang estyudante ang kanilang SpacesEDU account. Tinatanggal namin ang data at mga account ng estyudante pagkatapos ng 18 buwan ng kawalan ng aktibidad.

## **Paano tatanggalin ng estyudante ang kanilang data?**

Kung kayo, bilang legal na magulang o tagapag-alaga ng estyudante, ay gustong tanggalin ang SpacesEDU account ng inyong anak sa panahon ng pasukan, amin munang inirerekomenda ang pakikipag-usap sa kanilang guro. Kung anumang nilalaman, pagtatasa, o pagsusuri ay inihahatid sa pamamagitan ng SpacesEDU, kakailanganin ng mga guro na magbigay ng alternatibong mga pagtatalaga o mga platform ng komunikasyon. Kapag handa na kayong tanggalin ang account ng inyong anak, kayang padaliin ng aming support team ang prosesong ito. Mangyaring makipag-ugnayan sa [privacy@spacesedu.com](mailto:privacy@spacesedu.com). Kung mayroon kayong Family Account, maaari niyo itong tanggalin anumang oras mula sa inyong Account Settings.